# 1M piso para sa OSY

Dahil sa inisyatibo ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ay nabigyan ng P1,000,000.00 pondo para ang mga *out-of-school youths (OSYs)* at mahihirap nating kababayan ay makapagtapos ng kursong bokasyonal.

Ipinagkaloob ni Kalihim Joel Villanueva ng TESDA ang naturang pondo sa layuning mapaunlad ang kaalaman at kasanayang panteknikal ng ating mga kababayan at magkwalipika sa mga trabahong pantek-nikal sa loob at labas man ng ating bansa.

Sa ilalim ng kasunduan, ang TESDA ang pangka-lahatang mangangasiwa sa implementasyon ng pro-grama habang ang pamahalaang panlalawigan ang

*(Sundan sa pahina 2)*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 3, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

## Nilalaman

PGCEAP Scholar Capability Building 2
30.1 kg buto ng kamagong 3
Statistics quiz 3
Stat Exhibit 3
MENSAHE ni GOB. EDGARDO A. TALLADO 4
Ruben Aquino, Ulirang Nakatatanda 4
3 Timpalak Kalikasan 5
Mga larawan 5
Media maging responsable 6
State of Camarines Norte Children 6
Fish Conservation Week 7
Paklase sa Pinya 7
Pinakamalaking Ani itinampok 7
Most Child Friendly Barangays 8
Feeding Program 8
Nat'l. Correctional Con-sciousness Month 8

# SPECIAL PROJECTS COMPLETED





Ang kalsadang ito sa Sta Rose Norte, Jose Panganiban na patungo sa Sitio Tutok at dating Benguet Mining Corp. ay dating lubhang sira-sira sa matagal na panahon ngunit ngayon ay nasimulang nang ikonkreto mula sa pondong hiling ni Gob. Tallado kay Sen. Enrile

24 na proyek-tong Farm to Market road sa lalawigan na may ka-buuang halagang P41 milyong ang ganap ng tapos base sa kasaluku-yang tala ng Provincial Engineering Office.

Ang pondo para sa mga proyektong ito ay nakalap ni Gob. Edgardo A. Tallado mula kay Senador Juan Ponce En-rile na P21 milyon at mula kay Senador Pan-filo Lacson na P20milyon.

Ayon Gob. Tallado, taong 2011 ng siya ay nakiusap sa nasabing mga senador upang maglaan ng pondo sa Camarines Norte para sa pagsasaayos ng mga kal-sada na nais niyang sa loob ng kanyang termino ay makonkreto. Tinugon naman ito ni Sen. Enrile at Sen. Lacson. Sa pamamagitan ng isang liham na may petsang Enero 30, 2012 ay inin-dorso ni Sen. Enrile sa Department of Agrarian Reform at inilaan ang pondong P21 milyon.

Dagdag pa ni Gob. Tallado, natatawa na lamang siya ng mapa-balitang ang mga na-banggit na proyekto o pondo ay dahil sa

*(Sundan sa pahina 2)*

# 1100 Paitluging Itik ipinamahagi

Para sa tuloy-tuloy na pag-papaigting ng programang Poultry Rehab Program ng pamahalaang panla-lawigan ng Camarines Norte, ipinamahagi noong Oktubre 9,2012 sa harap ng kapitolyo ang 1100 "mallard" o pait-luging itik para sa 22 benepisaryo na isina-gawa nina G. Raymund Marcelino, Regional Livestock Coordinator ng Department of Agri-culture Regional Office 5 (DA RFU-5) at Dr. Ronaldo U. Diezmo, Act-ing Provincial Veterinar-ian.

Ang bawat isang benepisaryo ay pinagka-looban ng tig-50 itik kung kaya sa 22 benepis-aryo ay 1100 kabuuang itik. Ang bayan ng Daet at Labo ay may tig-5 benepisaryo na may tig-50 itik o kabuuang 250 itik sa bawat bayang na-banggit. Samantala, ang bayan ng Talisay at Vin-zons, ay may tig-6 na benepisaryo na may tig-50 itik o kabuuang 300 itik sa bawat bayan ng Talisay at Vinzons.

Ang mga benepis-aryo ay napili base sa kanilang karanasan sa pag-aalaga ng itik at mayroon silang lugar para sa pag-aalaga ng

*(Sundan sa pahina 6)*





Ang ilan sa 1100 na mga itik na ipinamahagi sa 22 benepisaryo mula sa ibat ibang bayan sa ilalim ng Poultry Rehab Program ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

# 1 M piso...


*(Mula sa pahina 1)*

siyang mamamahala sa pagpili ng magiging benepisyaryo.

Sa kasalukuyan, may tig-40 benepisyaryo nito ang kumukuha ng kursong bokasyonal na Electronics gayundin sa Shielded Metal Arc Welding (NC I).

Samantala, simula Abril-Oktubre 2012, tig-da-25 *OSYs* ang naka-pagtapos ng mga su-musunod na kursong bokasyonal sa magkaka-hiwalay na petsa: *Electronics* (Abril-Hunyo); *Shielded Metal Arch Welding* o *NC I* (Abril-Hulyo), at *Computer Hardware Servicing* (Hunyo-Oktubre). Ito ay sa ilalim ng *Scholarship Program for Out-of-School Youth (SPOSY)* na pinun-duhan ng Pamahalaang Panlalawigan,

Maliban dito, tig-25 *OSYs* ang kasalukuyang kumukuha ng *Automotive Servicing* at *Electro-Mechanical* sa *Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) Training Center* sa Brgy. Iberica, Labo. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
Senate

Juan Ponce Enrile
Senate President

30 January 2012

HON. VIRGILIO R. DE LOS REYES
Department of Agrarian Reform

ATTN : Engr. Simon N. Arias
Office of the District Engineer
Daet, Camarines Norte

Dear Secretary Reyes,

We write in reference to the farm to market road projects in the Province of Camarines Norte in the amount of Twenty One Million Pesos (P21,000,000.00) which we endorsed upon the request of Gov. Edgardo A. Tallado, Province of Camarines Norte, and were eventually released to your Office under SARO No. A-11-0027568 dated 21 November 2011.


May we endorse the request of Governor Tallado for the immediate implementation of these road projects vital to the socio-economic development of the Province of Camarines Norte.

Thank you.

Very truly yours,

cc : Gov. Edgardo Tallado
Province of Camarines Norte

Room 606 Senate of the Philippines, GSIS Financial Center, Pasay City



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
Senate
MANILA

Panfilo M. Lacson
Senator

January 16, 2012

HON. GIL DE LOS REYES
Secretary
Department of Agrarian Reform
Elliptical Road, Diliman
Quezon City

Dear Secretary de los Reyes:

My office was furnished by a representative of Congressman Unico of the 1st District of Camarines Norte with a copy of a December 22, 2011 letter of Assistant Secretary Felix Perry A. Villanueva of the Department of Agrarian Reform (DAR) addressed to the said member of Congress.

The letter mentioned the different Farm to Market Road Projects with SARO No. A-11-0027568 dated November 21, 2011 allotted to Camarines Norte as endorsed by the Senate President and this representation. Unfortunately, a perusal of said letter creates an impression that the approved projects were requested by Congressman Unico for the benefit of his constituents. For the record, the projects endorsed by this representation were requested by Camarines Norte Governor Edgardo A. Tallado and not by Congressman Unico.

As such, this representation was surprised when I was informed by my Chief of Staff that Mr. Cesar E. Barcelona, who claims to be the uncle and Senior Legislative Staff of Congressman Unico visited my office regarding said projects and even asked my Chief of Staff "Ano ba ang arrangement? Pareho po ba nung sa House?"

In view of my "No Take Policy", which I have constantly adhered to in my forty (40) years of public service, this representation feels very strongly against said inappropriate approach and will therefore request your department to make sure that the funds allocated be guarded and spent properly for the benefit of the people of Camarines Norte.

At the same time, please rectify the misimpression created by said letter so that the people of Camarines Norte will not be misinformed on the matter.

Thank you and best regards.

Very truly yours,

Senate of the Philippines, Room 525, GSIS Financial Center, CCP Complex, Roxas Boulevard, Pasay City, Philippines
Tel.: 552-6601 loc 5534, 5535, 5584, 5585 Fax: 834-6590

# Special Projects...

*(Mula sa pahina 1)*

pamamagitan ni Cong, Renato Unico Jr. kung kaya ipinakita niya ang mga sulat mula sa dalawang senador na nagpapatunay na siya ang humiling ng mga nabanggit na proyekto. **Malinaw sa sulat ni Sen. Enrile kay DAR Secretary Virgilio R. Delos Reyes na binanggit ang mga katagang "upon the request of Gov. Edgardo A. Tallado...". Sa sulat ni Sen. Lacson kay Sec. De Los Reyes sinabi din ang mga katagang " For the record, the projects endorsed by this representation were requested by Governor Edgardo A. Tallado and not by Congressman Unico."** Nagbigay panayam pa sa radyo ang isang tauhan ni Sen. Lacson upang linawin ang bagay na ito.

Ang mga nasabing proyekto bagamat tapos na ay hindi pa napapasinayaan. Ayon kay Gob. Tallado, kung may sapat na panahon ay maaaring magsasagawa ng okasyon ng pagpapasinaya ngunit kung ang lahat ng proyektong kanyang naisagawa at nadala sa probinsiya ay pasisinayaan ay mauubos ang kanyang oras sa dami ng mga proyektong mga natapos na, isinasagawa at isasagawa pa. Ang mahalaga ay maramdaman ng mga mamayan ang benipisyong dulot ng maayos na kalsada at ng iba pa niyang mga proyekto. ***jing@calimlim***

| ENDORSED BY SEN. JUAN PONCE ENRILE | LOCATION | AMOUNT |
|---|---|---|
| 1.Concreting of FMR | *BRGY. BULALA-VILLA AURORA*, STA. ELENA | P4,000,000.00 |
| 2. Concreting of FMR | *BRGY. NAPAOD-MATANLANG*, LABO | P5,000,000.00 |
| 3. Concreting of FMR | *BRGY. MAOT*, LABO | P1,000,000.00 |
| 4. Concreting of FMR | *BRGY. PAG-ASA*, LABO | P1,000,000.00 |
| 5. Concreting of FMR | *BRGY. BULHAO*, LABO | P1,000,000.00 |
| 6. Concreting of FMR | *BRGY. BACAGAY*, LABO | P1,000,000.00 |
| 7. Concreting of FMR | *BRGY. FUNDADO*, LABO | P1,000,000.00 |
| 8. Concreting of FMR | *BRGY. BAGUMBAYAN*, JOSE PANGANIBAN | P1,000,000.00 |
| 9. Concreting of FMR | *BRGY. PLARIDEL*, JOSE PANGANIBAN | P1,000,000.00 |
| 10. Concreting of FMR | *BRGY. OSMENA*, JOSE PANGANIBAN | P1,000,000.00 |
| 11. Concreting of FMR | *BRGY. LUKLUKAN SUR*, JOSE PANGANIBAN | P1,000,000.00 |
| 12. Concreting of FMR | *BRGY. SAN ISIDRO*, JOSE PANGANIBAN | P1,000,000.00 |
| 13. Concreting of FMR | *BRGY. LUKLUKAN NORTE*, JOSE PANGANIBAN | P1,000,000.00 |
| 14. Concreting of FMR | *BRGY. STA. ROSA NORTE*, JOSE PANGANIBAN | P1,000,000.00 |
| | TOTAL | P21,000,000.00 |
| ENDORSED BY SEN. PANFILO LACSON | | |
| 1.Concreting of FMR | *BRGY. BINANUAAN*, TALISAY | P2,000,000.00 |
| 2. Concreting of FMR | *BRGY. LANGA*, BASUD | P2,000,000.00 |
| 3. Concreting of FMR | *BRGY. MANDAZO-MANMUNTAY-OLIVA*, BASUD | P5,000,000.00 |
| 4. Concreting of FMR | *BRGY. PINAGWARASAN-OLIVA*, BASUD | P1,000,000.00 |
| 5. Concreting of FMR | *BRGY. MANTUGAWE-BINATAGAN*, BASUD | P2,000,000.00 |
| 6. Concreting of FMR | *BRGY. MAMPILI*, BASUD | P1,000,000.00 |
| 7. Concreting of FMR | *BRGY. TUACA-SAN PASCUAL*, BASUD | P2,000,000.00 |
| 8. Concreting of FMR | *BRGY. CAAYUNAN*, BASUD | P2,000,000.00 |
| 9. Concreting of FMR | *BRGY. LIDONG-MANDAZO*, BASUD | P2,000,000.00 |
| 10. Concreting of FMR | *BRGY. LANITON*, BASUD | P1,000,000.00 |
| | TOTAL | P20,000,000.00 |

# PGCEAP Scholars Capability Building

"Young Leaders, Better Nation Builders" ang naging tema sa kauna-unahang Capability Building Seminar na isinagawa para sa "grantees" o iskolar ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng CN PGCEAP (Camarines Norte Provincial Government College Education Assistance nitong Oktubre 2, 2012 na ginanap sa Little Theater ng Kapitolyo at dinaluhan ng 108 na mag-aaral mula sa CNSC main campus.



Ang ilan sa mga PGCEAP Scholars sa CNSC Entienza Campus sa Sta. Elena hawak ang kanilang mga tinanggap na tseke na bahagi ng kanilang matrikula, kasama si Jing Calimlim at G. Marcial Ferrer ng provincial government.

Ang mga paksang tinalakay at mga nagsalita dito ay ang mga sumusunod: Effective Leadership-Dr. Godofredo E. Peteza; Community Leadership-Mr. Bong Palma; Public Speaking-Jing Arriola Calimlim at Parliamentary Procedure -Mr. Richard Talento.

Pinamahalaan ang seminar ng Community Affairs Office at ng PGCEAP Grantees Federation sa pangunguna ni Julie Ann B. Andaya at Ms. Noemi S. David, PGCEAP Adviser at guro ng CNSC.

Ang nasabing seminar ay isasagawa din sa iba pang PGCEAP grantees mula sa ibang paaralan.

Sa annual investment plan ng Community Affairs Office para sa 2013 ay nakapaloob na ang nasabing capability program. Ito ay kinapapalooban ng mga pagsasanay ukol sa Leadership, Public Speaking, Moral Values Formation atbp. Ito ay isang bagong programa ng CNPGCEAP bilang pagtugon ni Jing Arriola Calimlim, bagong PGCEAP Program Officer na siya ring bagong Community Affairs Officer IV sa direktiba ni Gob. Edgardo A. Tallado na paigtingan pa ang mga proyekto at programa para sa kagalingan ng kabataan. Kung dati ay pagbibigay lamang ng tulong na halagang P5,000 para sa tuition fee ng mag-aaral, sila ay sasailalim na rin sa mga pagsasanay upang hubugin bilang responsableng kabataan at lider. ***jing@calimlim***

# 30.1 KG BUTO NG KAMAGONG, 1.4 KG BUTO NG KATMON NAIPON

Matagumpay ang isinagawang patimpalak na *"Katmon at Kamagong Para sa kalikasan (KKK) Tungo sa Luntiang Camarines Norte"* ng pamahalaang panlalawigan noong Oktubre 16, 2012 sa PG-PENR Office, Provincial Capitol na dito ay nakaipon ng 30.1 kilogram ng buto ng kamagong at 1.4 kilogram ng katmon mula sa mga lumahok sa patimpalak.

Naiiba sa karaniwang patimpalak, ito ay paramihan (quantity) at pagandahan ng uri (quality) ng dinalang mga buto ng katmon (dillenia philipinensis) at kamagong (diospyros philipinensis o D poncei) ng mga lumahok sa paligsahan. Ang pagpili sa mga nanalo ay idinaan sa masusing pagsusuri sa mga buto upang malaman ang "viability" o katiyakan na tutubo ang mga ito. Binigyan pansin din ng mga hurado ang sistema ng pag-iimbak (storage) ng butong inilaban ng mga sumali sa patimpalak.



Ang mga nagwagi sa KKK patimpalak kasama ang ilang opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan at pamahalaang nayonal.

Ayon kay Engr. Leopoldo P. Badiola, hepe ng PG-PENRO, mahalagang layunin ng patimpalak na bukod sa makaipon ng buto ay gisingin at pasiglahin ang pangkapaligirang kamalayan ng mga mamamayan sa pagtatanim ng nasabing uri ng punong kahoy na halos nalilimutan na at din na nabibigyan pansin. Ito ay isang hakbang din upang patuloy na isulong ang kampanya ni Gob. Edgardo A. Tallado para sa Luntiang Camarines Norte.

Nanalo ang Wildlife Enforcement Officers (WEOs) ng Tulay na Lupa, Labo sa pamumuno ni G. Elmer Escalante; pumangalawa ang Bagong Pag-asa sa Aguit-it Association (BPSAA) ng Aguit-it Vinzons sa pamumununo ni Gng. Clariata Lagones at pumangatlo naman si Elena Rieza ng Cagbalogo Vinzons.

Tumanggap ng halagang pabuya ang mga nanalo; P6,000 sa unang pwesto; P4,000 para sa ikalawang pwesto at P2,000 para sa ikatlong pwesto. Tatanggap din ng tig-P1,000 pampalubag loob ang Baay Upland farmers Association, Inc (BUFAI) c/o Isabelo Maigue at G. Rigoberti Guinto ng Sto. Nino Talisay, na pawang sumali din sa patimpalak. Lahat sila ay pagkakalooban din ng "Certificate of Appreciation" para sa kanilang paglahok sa patimpalak at pakikiisa sa programang Luntiang Camarines Norte.

Ang pagbibigay ng premyo ay isinagawa noong Oktubre 30, 2012 sa audio visual room ng kapitolyo kasabay sa pagbibigay premyo sa mga mananalo sa Oratorical Contest at Environmental Science Quiz na isinagawa din sa araw na nabanggit.

Ang mga naging hurado sa KKK contest ay sina Foresters Alice Mata at Connie Romero ng Community Environment and Natural Office (CENRO) at Forester Teoforo L. Licarte ng PG–PENRO. ***GCB***

## 3 timpalak ...

*(Mula sa pahina 5)*

Elena *Elem. School (SEES)* at pangatlo naman si Franco U. Rada ng Talisay *Elem. School (TES).*

Si John Angelo D. Arevalo ng Tulay na Lupa *Elem. School (TNLES)* naman ang nanguna sa *Oratorical Contest at s*ina Ana Louise V. Batalla ng *Chung Hua High School (CHHS)* at si Jigo R. Andrade ng *Vinzons Pilot Elem. School (VPES)* ang nakakuha ng ikalawang at ikatlong puwesto.

Siyempre pa, naging mahigpit ang labanan sa pagitan ng mga guro at tagapagsanay na sumali sa *E-ACT* na hindi nagpahuli sa husay ng kanilang mga estudyante. Si Ms. Cleofe O. Gonzales ng *Vinzons Pilot Elem. School (VPES)* ang nanalo sa *Environmental Awareness Challenge for Teachers (E-ACT).* Pumangalawa si Myamor M. Estrella ng Mercedes Elem. School at pangatlo naman sina Ms. Cynthia M. Revez ng LCCD at si Rowena M. Bernas ng VPES na nakakuha ng parehong puntos.

Ang mga nanalo ng una, ikalawa at ikatlong puwesto sa tatlong (3) nabanggit na patimpalak ay tumanggap ng premyong tig-P3,000.00; P2,000.00 at P1,000.00, ayon sa pagkakasunod. Pinagkalooban din sila ng kaukulang medalya, *certificate of participation* at tropeo para sa kanilang paaralan. ***LORENA DELA TORRE -IBASCO***

# STATISTICS QUIZ

Naging matagumpay ang pagdaraos ng 23rd Philippine Statistics Quiz Provincial Championship ng Pamahalaang panlalawigan katuwang ang National Statistics Office noong Oktubre 19, 2012 sa Audio Visual Room. Provincial Capitol Annex, kaugnay ng pagdiriwang ng National Statistics Month na may temang "Monitoring Progress on Decent Work Through Statistic: Pathway to Inclusive Growth".

Nakuha ang unang pwesto ng kinatawan ng Camarines Norte State College( CNSC) sa katuhan ni Bb. Sunny I. Lo, ang pangalawa at pangatlong pwesto ay nakuha naman ng kinatawan mula sa Mabini College (MC) na sina Bb. Lyka Camille. D. Saguid at Bb. Charlene Jane M. Samson. Sila ay tumanggap ng tropeo, katibayan ng paglahok at cash na P2,000, P1,500, P1000 ayon sa pagkakasunod-sunod. Sila ang tatayong kinatawan ng Camarines Norte sa gagawing PSQ Regional Championship sa Nobyembre 24, 2012 at sakaling palarin na isa sa kanila ay manalo dito, ito naman ang kakatawan sa rehiyong bikol sa PSQ National Championship sa Disyembre 10, 2012.

Labing walong (18) freshman college ang lumahok dito, 10 mula CNSC kasama ang mga coaches na sina Engr. Renato A. Canaria, Brian M. Torres at Maria Elena A. Bidar at 8 mula sa MC kasama ang coach nila na si Elmer A. delos Angeles

Ang mga judges ay pinangunahan ni Engr. Victorio Corporal, Chief of Quality Control ng DPWH, kasama sina G. Carlos Osand G. Ablaza ng Municipal Registrar ng Daet at Engr. Princess Chasser Alfuerte ng Provincial Engineers Office. Si Virgilio I. Bayani ang naging quiz master, Ruth Ida E. Icatlo bilang timer at John Vincent D. Ramores at Isidro C. Parlan II bilang mga scorers na pawang sila lahat ay mula sa Provincial Statistics Office. Ang mga proctors ay mula naman sa Provincial Planning and Development Office na sina Nimfa E. Camara -Statistician IV, Marilyn P. Asis-Statistician II, Ms. Stella Marie A. Villagen-Statistician I at Jorge I. Ibasco-Draftsman II. **MARILYN PACINOS-ASIS**

# STAT EXHIBIT

Isang statistical exhibit ang isinagawa sa Lobby ng Provincial Capitol Building simula Oktubre 8- 31 kaugnay ng pagdiriwang ng National Children's Month na may tema ngayong "BRIGHT CHILD ay Siguraduhin, Responsableng Pamamahayag ay Palaganapin" at National Statistics Month na may temang "Monitoring Progress on Decent Work Through Statistic: Pathway to Inclusive Growth".

Layunin ng exhibit na ito na maibigay ang tamang impormasyon ng kalagayan ng lalawigan ng Camarines Norte lalo na ng mga kabataan at kababaihan. Magkaroon ng kabatiran ang mga mamamayan at makita ang kahalagahan ng estadistika sa pagpaplano, at pagsasagawa ng mga programa at proyektong tutugma sa mga pangangailangan ng mga mamamayan dito lalo na yaong pamilya na kabilang sa mga mas nangangailangan.

Nakapaloob sa exhibit ang mga datos ukol sa reproductive health, nutrisyon, edukasyon, labor and employment, poverty statistics at populasyon. Ito ay naka-display sa pamamagitan ng mga graphs, mapa at tables. Inaasahan na makakatulong ang mga impormasyong nakalagay dito sa mga researchers, planners ng iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan, iba't-ibang sector ng lipunan, at mga organisasyon na katuwang sa pagpapaunlad ng lalawigan ng Camarines Norte.

Naging punong abala dito ang Tanggapan ng Provincial Planning and Development Office (PPDO) sa pangunguna ni Arch. Madonna A. Abular, Provincial Planning and Development Coordinator. **MARILYN PACINOS-ASIS**

MENSAHE
Gob. Edgardo A. Tallado
Oktubre 5, 2012

# Sama-sama sa daang matuwid

Marahil po ay ito na ang araw na pinakamasaya sa kasaysayan ng ako po ay pumasok sa pulitika sapagkat sa araw na ito ay nakikita ko at damang dama ko mula sa inyong aking mga kasamahan ang inyong mainit na mainit na suporta.

Si Egay Tallado po bilang tao, ay sabihin natin na sa panahon ng aking panunungkulan ay may mga pagkukulang po ako bilang isang public servant. Inaamin ko po yan. Hindi po ako perpektong tao. Ngunit kung ako po ay pagkakatiwalaan pa ng Camarines Norte, ipapakita ko sa inyo yung sinasabing tuwid na tuwid na daan.

Bagamat sa aking maigsing panaunungkulan, kayo po ang mga saksi: aking mga kasamahan, aking mga kababayan, kung nasaan na ang Camarines Norte. Hindi po kaya ng 3 taon para maibigay ang mga kailangan , mga hinaing ng aking mga kababayan. Ngunit sa maikling panahon ng aking panunungkulan gumawa po tayo at gagawa pa tayo ng kasaysayan.

Unahin po natin ang mga aking mga proyektong kalsada. Noon araw po ang inaayos lamang ng pamahalaang panlalawigan ay provincial road lamang. Ngayon po, maraming malalayong barangay na halos mahaba na ang sa sementadong daan. Pero dapat po ay hindi ko obligasyon iyan. Ang obligasyon po ng gobernador ay mga provincial road lamang. Malaking pondo ang nakalap ko para sa pagpapaayos ng mga sira-sirang kalsada.

Pangalawa, ng ako po ay umupo bilang gobernador ng Camarines Norte, may mga barangay pa na walang kuryente lalo na sa aming bayan sa bayan ng Labo. Ngayon po ay 100% na ang elektripikasyon sa aming bayan at sa 2013 lahat po ng purok at sitio ay magkakaroon na ng kuryente. May mga pondo na tayong nakalap para diyan.

Pangatlo, kung dati ang ating mga magsasaka, ang mga nagtatanim ng palay ay hindi makapag-ani ng 3 beses isang taon, sa 2013 po hindi na nila yan problema. Matutugunan po natin iyan dahil sa ating mga programang pang-agrikultura.

Nariyan pa rin po at ipagpapatuloy po natin ang multi services caravan. Ito po talaga yung tugon sa mga kababayan nating mahihirap. Sa buong Pilipinas, ako lang po ang gobernador na nakaisip nito at gumawa nito dahil sa kadahilanang si Egay Tallado po ay galing sa mahirap na pamilya kaya

*(Sundan sa pahina 6)*

# "Tao Ma'y Nakapiit, Pagpapala'y Makakamit"

## Tema ng National Correctional Consciousness Month

Isinagawa noong Oktubre 17, 2012 sa Camarines Norte Agro-Sports Center ang Ikalimang Panlalawigang Pagtatapos ng nakapasa sa 2011 pagsusulit na Accreditation and Equivalency sa ilalim ng Alternative Learning System ng DepEd.

Dito ay nagtapaos ang mga bilanggo ng panlalawigang piitin na sina PAREDES, MARK PAUL DEL ROSARIO, ASUSANO, ABRAHAM TAMPOR, ELOPRE, MELCHOR LEONORA, HERNANDEZ, DAVID ICARO, BAPTISMA, JEROME FLORES, CORPUZ, DEXTER.

**Ang inmate na si Abraham T. Asusano ay nagtapos bilang Valedictorian.**

**Narito ang buod ng kanyang mensahe:**

**Hindi ko po makakalimutan ang pagkakataon na ito / na ako ay yumapak sa entablado / o humarap sa ganitong uri ng napakaraming tao at makasama sa pagtatapos ng mag-aaral ng sekondarya // Akala ko po ito ay isang panaginip lang / dahil kami po ay isang maralita // Kung di po nyo naitatanong ako ay isang inmate o boarder ni Gobernor Egay Tallado sa Camarines Norte Provincial Jail/ hindi ko po kinakahiya na malaman nyo ang aking kinalalagyan // Alam po natin na lahat ng tao ay dumadaan sa pagsubok / at sa pagsubok na iyon tayo ay natututo at pinatitibay nito // Ako po ay nalungkot noon at nagagalak sa ngayon/ dahil ang akala ko po noon ang bilangguan ay lagayan ng mga taong walang pag-asa sa buhay/ at nagagalak ako dahil aking napatunayan na ang taong tulad ko ay may kakayahan pa ring magbago / at mangarap sa tulong ng mga programa na pinatutupad ng panlalawigang piitan sa pamumuno ng aming Provincial Warden na si Sir Reynaldo N. Pajarillo / na labis na sinusuportahan ng ating kasalukuyang Governor Hon. Egay Tallado / na ang isa sa mga programa at kasalukuyang pinatutupad ay ang ALTERNATIVE LEARNING SYSTEM ng Department of Education/ na siyang dahilan kung bakit ako kasalukuyang nasa inyong harapan / at napagtanto ko rin po na ang edukasyon ay walang pinipiling lugar / hindi lamang natututo o napagaaralan sa loob ng paaralan / o pormal na edukasyon/ bagamat kahit sa piitan kung saan ako pansamantalang gumagalaw o saan pa man na abot ng programa ng ahensyang ito ay makakamit ng lahat ang kani-kanilang pangarap na makapagtapos // Kaya labis ang aking pasasalamat una sa lahat sa ating Panginoong Diyos / sa pamunuan ng Camarines Norte Provincial Jail / sa pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte / sa Department of Education / Non-Government Organization/ sa aking pamilya / at mga kaibigan na nagpayabong ng aking kakayahan. Hatid ko lamang po sa araw ng aming pagtatapos sa Alternative Learning System kami ay lalong umaasa bilang inmate na sana ay mabago ang maling pananaw ng mga tao tungkol sa amin bilang inmate / dahil ginagawa naman po namin ang lahat upang muling ibalik ang nawalang tiwala ng aming kaibigan, pamilya at ng lipunan // Papa / Mama / mga kapatid ko inaalay ko po ang karangalang ito sa inyo/ sana ay napasaya ko kayo sa araw na ito // hiling ko rin po na maging halimbawa kami sa mga kabataan na bigyang halaga ang edukasyon na syang magsisilbing gabay tungo sa tamang pagdedesisyon at maayos na kinabukasan / naniniwala po ako sa kasalukuyang tema ng National Correctional Consciousness Week Celebration sa kasalukuyang buwan na nagsasaad " Tao Ma'y Nakapiit, Pagpapala'y Makakamit". Sa inyong muli / Magandang hapon / at Maraming Salamat po!**





Makikita sa larawan ang mga mga bilanggo ng panlalawigang piitan sa kanilang pagtatapos. Sila rin ang nagtanghal sa doxology sa pagsisimula ng programa. Makikita din sa larawan sina Gob. Edgardo A. Tallado, Mr. Arnulfo M. Balane- Deped Schools Division Superintendent, Reynaldo N. Pajarillo, Acting Prov'l. Warden




(L to R) Reynaldo N. Pajarillo, Acting Prov'l. Warden, Pros. Annalie Thomas- Velarde, OIC- Prov'l. Prosecution's Office, Hon. Roberto A. Escaro, Executive Judge RTC Cams. Norte, Hon. Arnel A. Dating , Presiding Judge RTC Br. 40, Hon. Romeo Marmol, Ma. Corazon E. Pontanal, OIC- PPO, PNP.

# National Correctional...

*(Mula sa pahina 5)*

ng Criminal Justice System.Oktubre 25 ay ginanap din ang graduation ng therapeutic community, na ukol sa tamang pag-uugali at pagtanggap ng kamalian ganundin sa pagpapakumbaba, respeto sa bawat isa at pakikipagkapwa ng bawat bilanggo sa loob ng piitan.

Nagpapasalamat si APW Pajarillo sa mga bukas palad ang kamay tumugon sa kanyang panawagan na magbigay donasyon para sa mga pangangailangan na tulad ng sabon, toothpaste at iba pang toiletries para sa 315 inmates. *jing@calimlim*


Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM
**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,
**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula
**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.
**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**
**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;

**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;

# 3 Timpalak Kalikasan, patok!

Kaugnay ng Aral-Kalikasan *Program Environmental Awareness Challenge* na taun-taong itinataguyod ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO)* isinagawa noong Oktubre 29 ang *Ecological Quiz, Oratorical Contest* at *Environmental Awareness Challenge* sa *Audio-Visual Room (AVR), 3rd Floor Annex, Provincial Capitol*, Daet

Nanguna sa *Ecological Quiz* sina Rex Gabriel P. Orbita ng *La Consolacion College of Daet (LCCD)*, pumangalawa si Ellaine Bercasio ng Sta.

(Sundan sa pahina 3)



Ang mga nagwagi sa Essay Writing at Oratorical Contests kasama ang mga hurado at mga kawani ng PG PENRO



# National Correctional...




(Mula sa pahina 8)

Agro-Sports Center upang makalikom ng halagang gagamitin para sa Livelihood, Hygienic Supplies at uniporme ng jail inmates. Sa nasabing palabas ay inirampa ng mga modelong mga taga Camarines Norte ang mga collections ng mga local designers na sina Aileen Aspe, Harold Fernandez, Mark Zamudio,Dexter Abogado , Ato Samarista at Dr. Arnel Plantado. May espesyal na partisipsyon din ang Ginoong Bicolandia 2012 Jerome Ibarra; Emman Adique- 1st Runner- up, Julius Eliho-Reatiraza- Semi- Finalist. Kasali din sa palabas ang ilang piling jail inmates.

Natutuwang ipinabatid din ni Acting Provincial Jail Warden Reynaldo N. Pajarillo na pitong inmates ang nagkamit ng diploma dahil sila ay nakatapos at nakapasa ng sekondarya sa Alternative Learning Sytem. Ang graduation rites ay ginanap noong Oktubre 17, 2012 sa Agro Sports Center na ang nagtanghal sa doxology ay ang inmates na nagsipagtapos.

Nagsagawa din ng jail visitation noong Oktubre 19 ang Five Pillars of Justice sa ilalim

(Sundan sa pahina 4)

# MOST CHILD FRIENDLY...

(Mula sa pahina 8)

*Close Watch on Children's Development* para sa San Ramon, San Lorenzo Ruiz; *Implementation of Water and Sanitation Programs* sa Kabuluan Sta. Elena; *Implementation of Facility-Based Delivery* sa Barangay II, Vinzons; at *Community Participation and LIngkages to Livelihood Trainings for Out-Of-School Youths* na nakuha ng Batobalani, Paracale.

Binigyang-pagkilala rin sa pamamagitan ng pagkakaloob ng plake ng pagkilala at insentibo ang mga bayan ng Labo na *national finalist* at San Lorenzo Ruiz na *regional finalist* sa 2012 *Presidential Search for Child-Friendly Municipality* sa ilalim ng *Category 1 (1st-3rd class municipalities)* at *Category 2 (4th-5th class municipalities)*, ayon sa pagkakasunod.

Ang Provincial Committtee ng 2012 Search for Child-Friendly barangay ay binubuo nina Arch. Madonna A. Abular, Provl. Planning Development Coordinator (Chairperson) Mr. Jose G. Boma, Exec. Asst. IV/ OIC Prov'l. Administrator (Co Chairperson), Melody Relucio, LGOO VI/Program Nanger, DILG-CN ( Vice Chairperson at mga kasapi na sina Cynthia R. Dela Cruz-OIC PSWDO;

Dr. Arnulfo G. Salagoste-PHO, Dr. Arnulfo M. Balane-SDS-DepEd,PS/Supt Jose L. Capinpin-PD PNP, Mr. Rodolfo P. Guevarra-PSO NSO , Francia C. Pajares-OIC OPAg, Rosalita Manlangit-PIA at Col. Richard Q. Lagrana-Comander 902nd Brigade Phil. Army.

Ang rationale ng State of Camarines Norte Children Report at ang Criteria ng pagpili ng Child-Friendly Barangay ay ipinaliwanag naman ni Arch. Madonna A. Abular, Provincial Planning and Development Coordinator at si Asst. PPDC Elena B. Austria ang nagpaliwanag ng Child-Friendly Media.



2ND PLACE— Barangay San Antonio, Labo Prizes of P50,000.00 at trophy



3RD PLACE— Barangay Kabuluan, Sta. Elena P30,000.00 cash at at trophy



4TH PLACE Barangay Salvacion, Jose Panganiban Prizes of P20,000.00 at trophy



5TH PLACE- Barangay San Ramon, San Lorenzo Ruiz Prizes of P10,000.00 at trophy

Pangkalahatang namahala sa okasyong ito ang Provincial Planning and Development Office sa pangunguna ni Arch. Abular sa ilalim ng administrasyon ni Gobernador Edgardo A.Tallado.

Sa kabuuan, ay naging matagumpay ang programa. Inaasahan na ibayong sipag pa ang gagawin ng mga opisyales ng mga barangay upang maitampok muli sa susunod na patimpalak. ***MARILYN PACINOS-ASIS***




Assistant Regional Director Felix Musni Armeña

# Media maging responsable ayon kay DSWD ARD Armena

**Kailangan ang mga magulang ay sumabay sa mga anak sa pagkahumaling sa social media na siyang trending ngayon tulad ng paggamit ng internet at facebook upang masubaybayan ang kani-kanilang mga anak sa tamang paggamit nito at para maging responsable pareho at maiwasan ang napakaraming panloloko na ang nagiging bunga ay kapahamakan ng mga kabataan".** Ito ang bahagi ng mensahe ni **Assistant Regional Director Felix Musni Armeña** ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na siyang panauhin sa ginanap na Child-Friendly Movement Assembly, presentation ng State of the Camarines Children at Awarding ng 2012 Child-Friendly Barangay noong Oktubre 25, 2012 sa Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports Center, Daet, Camarines Norte.

Payo niya rin sa mga kabataan na maging responsable sila sa paggamit ng internet at huwag pupunta sa mga sites na hindi naman kailangang puntahan at iwasan na maloko ng sinuman na tao sa paniniwala na ang lahat ng nasa internet ay totoo at mababait.

Sa paksa naming Child friendly media, sinabi niya na ang media ay dapat ding maging responsable sa pagbabalita. Dapat aniya na siguraduhin na tama ang datus na ibabalita at totoo dahil napakaraming tao ang nakikinig sa mga radio, nanonood ng mga balita sa telebisyon at gumagamit ng internet

Ayon pa rin kay Armeña, may karapatan ang bawat mamamahayag na magbalita at magkumento subalit napalaki ng responsibilidad na ang ihahayag ay bunga ng pananaliksik at malalim na pag-iisip at pagaanalisa upang masiguro na totoo, tama at walang sablay ang sinasabi o sinusulat sa dyaryo.

Si Armena ay kasalukuyan ding broadcaster sa isang himpilan ng radyo sa Legazpi City. **MARILYN PACINOS-ASIS**/jac

# Sama-sama...

(Mula sa pahina 4)

alam ko po ang pangangailangan, mga hinaing ng mahihirap nating kababayan lalo na ang mga nasa malalayong barangay.

Iyan po ang masasabi nating ilan sa ating mga nagawa.

Marami pa po akong pangarap na gustong gawain. Isa po ang Cory Aquino Boulevard na magdudugtong sa mga bayan ng Daet, Mercedes, Talisay at Vinzons. Sisikapin natin na sa Disyembre 2013 ay tapos na ang pan turismong proyektong ito. Kahit sa panaginip ay mahirap itong abutin. Pero nangyari ang lahat ng sinasabi ko dahil tayo ay nagtratrabaho, ako po ay masipag matiyaga, at may pagmamahal sa ating lalawigan.

Ngayon po sasabak muli tayo sa eleksyon. Ako ay makikiusap sa inyo na aking mga kasamahan na maging iisa lang ang direksyon natin: direksiyon na tayo ay magsasama at tayo ay tatahak sa tuwid na landas. Iyan ang ipapakiusap ko sa inyo. Sa aking mga kasamahan sa partido wala po sana ako mababalitaan na magtataksil sa samahan. Sapagkat tayo ay iisang pamilya na dapat ay iisa ang patutunguhan. Magturingan tayo na iisang pamilya…. tayo ay magkakapatid. Bilang ama ng ating lalawigan, ako po ay narito para sa ating pangarap. Sama sama tayo sa iisang pangarap na ang ating lalawigan ay maging isang maunlad tahimik at masayang probinsya. #

# 1100 ...

(Mula sa pahina 1)

itik. Pagkalipas ng 3 buwan ay inaasahan na mangigitlog na ang mga itik na ibinigay sa kanila ngunit pagkalipas pa ng 6 na buwan sisimulan ng benepisaryo ang pagbabayad. Sila ay magbabayad ng P250 sa bawat itik na ipinagkakaloob sa kanila sa loob ng isang taon at kalahati. Ang halagang kanilang ibinayad ay ibibili naman ng panibagong paitluging itik at ipamamahagi naman sa iba pang benepisaryo sa ibang bayan, ayon kay Mr. Elmer E. Dasco, Provincial Dispersal Officer.

Ipinag-uutos din ni Gob. Tallado kay G. Franklin S. De Jesus, Supervising Agriculturist at G. Elmer E. Dasco, Senior Agriculturist, kapwa ng Provincial Veterinarian Office, na siguruhin ang maayos na implementasyon ng programa upang ito ay mapalawak pa at mas dumami pa ang makikinabang sa proyekto. **jing@calimlim**

# State of Camarines Norte Children




Mary's Bright Montessori School of Daet

*Three-in-One (3-in-)* ika nga ang ginanap na programa noong Oktubre 25, ng umaga sa *Little Theater* ng Kapitolyo Probinsyal para sa pagsasara ng selebrasyon dito ng *20th National Children's Month* ngayong Oktubre 2012. Ito ay kabibilangan ng *Child-Friendly Movement (CFM) Assembly, Presentation of the State of the Camarines Norte Children (PSCNCR)*, at ang *awarding ceremony* para sa *2012 Child-Friendly Barangay*.

Una, at ang pinakamahalaga ay ang paglalahad ng State of Camarines Norte Children Report. Sa ulat na ito ay napaalaman na "umaabot sa P357.85 milyon o 47.05% ng kabuuang budget ang suportang pinansiyal na nailaan ng Pamahalaang Panlalawigan na ginamit sa mga serbisyong pangkalusugan, programang pang-edukasyon, social welfare projects at iba pang serbisyo para sa kapakanan ng mga kabataan, bukod pa dito ang serbisyo sa kabataan sa mga barangay tuwing nagsasagawa ng Multi-Services Caravan tuwing araw ng Biyernes", ayon kay Provincial Administrator Jose Boma na siyang kumatawan kay Gobernador Edgardo A. Tallado.

Ikalawa ang *CFM Assembly Proper* na ang panauhing tagapagsalita ay si *Asst. Regional Director* Felix Musni Armeña ng *Department of Social Welfare and Development Region 5 (DSWD RO5).*

Ikatlo ay ang pinakahihintay na bahagi ng okasyon ay ang paganunsyo sa *2012 Child-Friendly Barangay (CFB) winners* sapagkat bukas lamang malalaman kung anong barangay ang mangunguna sa taunang patimpalak at mag-uuwi ng malaking premyong P100,000.00.

Isang *senior student* na si Shaina Mae B. Landicho ng *Vinzons Pilot High School (VPHS)* ang nanguna sa Panalangin ng mga Kabataan na naglalaman ng kanilang saloobin na patuloy na matamasa ang kanilang karapatang mabuhay; maprotekSyunan sa anumang pang-aabuso; umunlad at makilahok, atbp.

Ang mga naghandog ng pampasiglang bilang ay pawing mga kabataan na sina Maita Cecilio, Aleah Agura, Kim Madera, Yana Rada, at Kathleen Macuha ng Daet Elementary School, mga mag-aaral ng Mary's Bright Montessori School of Daet, Cedric Gabriel R. Dela Cruz mula sa CNSC Abano Lab Elem. Sch., at ang Extreme Octo Beat Jam na binubuo ng mag-aaral mula din sa CNSC Abano Lab. Isang kabataan din na si Julia Bea P. Zano ang naguna sa pag-awit ng Lupang Hinirang at Martsa Hilagang Camarines mula rin sa CNSC. ***MARILYN PACINOS-ASIS/ LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# FEEDING ...

(Sundan sa pahina 8)

plementasyon ay gawain naman ng mga lokal na pamahalaan ng bawat bayan.

Ayon sa nasususulat sa batayan (guidelines), ang tulong pagkain ay para sa batang edad 2 – 4 na nasa isang "supervised neighborhood play (snp); at edad 3 - 5 sa nakaenrol sa mga day care centers. Sila ay pakakainin tuwing meryenda ng mainit na pagkain tulad ng lugaw sa loob ng 3 buwan na pamamahalaan ng mga "parent committee on food preparation" sa patnubay ng MSWDO ng bawat bayan.. Ang mga batang penipisaryo ay titimbangin bago magsimula ang "feeding program" at titimbangin uli matapos ang 3 buwan upang makita ang pagganda ng kanilang kalusugan.

Maliban sa pagpapakain, bahagi ng programa na turuan ang mga bata ng tamang paghuhugas ng kamay at pagdarasal bago at matapos kumain. Gayundin ang bigyan sila ng kaalaman sa kahalagahan ng tamang nutrisyon.

Ang lahat ng bayan sa Camarines Norte ay tatanggap ng pondo para sa SFP ngunit sa kasalukuyan ay kinukempleto pa ng ibang bayan ang mga kinakailangang dokumento. **jing@calimlim**

# 25,000 tilapia fingerlings pinakawalan sa Fish Conservation Week

Bilang tampok na gawain sa 1-linggong selebrasyon dito ng 49th *Fish Conservation Week* simula Oktubre 14-20, 2012 na may temang, "Maunlad na Pangisdaan, Makakamit sa Matatag na Balikatan", isinagawa ang pagpapakawala ng may 25,000 tilapia *fingerlings* noong umaga ng Oktubre 15 sa tatlong bayan ng Camarines Norte.

Sa naturang bilang, 5,000 tilapia *fingerlings* ang pinakawalan sa Daet River; at tig-10,000 naman sa Mocong *River* sa Basud, at sa Mampurog *River* sa San Lorenzo Ruiz sa pamagitan ni *Supervising Agriculturist* Edgar S. Estanislao ng *Fisheries Development Division (FDD)* ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* at iba pang kawani.

Idinaos ang Tiangge sa *Fishcon* sa *Inner Courtyard* ng Kapitolyo Probinsyal na dito ay idinaos din ang *lecture-demos on fish recipes* tuwing ika-1 n.h. simula Okt. 16-Okt. 18. Ang mga recipe na itinuro ay *bangus relleno* sa pamagitan ni Cleotilde B. David, *RIC President*; *fish satsumage c/o* Ms. Melinda L. Jerez, Ms. Adelina T. Buitre at iba pang kawani ng *OPAG-FDD*, at – *seaweed pickles c/o Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)*-Mercedes *staff*.

Nagkaroon din ng *FARMC-On-Air* sa Radyo ng Bayan kung saan tinalakay ang mahahalagang batas, isyu at usaping pampangisdaan gayundin ng *lecture demo on fish burger* na pangangasiwaan ng kaukulang kawani mula sa *Regional Fisheries Training Center* sa Tabaco City.




Gng. Francia B. Pajares
Acting Provl' Agriculturist

Ang talakayan ukol sa *Fishery Laws and Other Related Environmental Laws* kung saan tagapagsalita si *RTC Presiding Judge* Leo L. Intia habang ang *Procedure on Filing Criminal Cases for Violation of Fishery Laws* ay tatalakayin ni *Fiscal* Victor C. dela Cruz, *1st Asst. City Prosecutor*, *Office of the City Prosecutor*, Naga *City*, at ang *Stakeholders Dialogue* na pangungunahan ni *PSS* Jose Lipa Capinpin, *DSC*, *Officer-In-Charge*, ay isinagawa din noong Okt. 16. Dumalo rito ang mga *fish processors*; opisyal at miyembro ng mga *rural improvement clubs (RICs)*, at mga organisadong grupo gaya ng mga kooperatiba, mga asosasyon, at iba pa.

Ang 2-araw na *Marine Mammal Stranding Response Training* na idaraos sa *AVR* noong Okt. 17-18 at dinaluhan ng mga kinauukulang *agricultural technologists* at mga tagapamuno ng *Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council (MFARMC)*; Bantay-Dagat *team leaders* at *Municipal Disaster Risk Reduction and Management Council (MDRRMC) Coordinators* sa iba't-ibang *coastal tows* sa lalawigan ay pinangasiwaan naman Ms. Nonie P. Enolva na mula sa *BFAR Regional Field Unit 5*, San Agustin, Pili, Cam. Sur

***LORENA DELA TORRE-IBASCO***




Si Board Member Romeo Marmol sa kanyang pagbibigay mensahe sa FishCon



Forum *Fishery Laws and Other Related Environmental Laws held at Session Hall, Provincial Capitol*

# PINAKAMALALAKING ANI TAMPOK SA FARMERS' CONGRESS

Ang *Farmers Forum cum Pinaka-Contest* na nakatuon sa temang, "Pagkakaisa ng Magsasaka Tugon sa Kaunlaran ng Kabuhayan at Kalikasan" ay isinagawa noong Oktubre 5 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC)*.

Dito dinala ng mga magsasaka ng lalawigan ang pinaka-malalaki nilang aning pang-agrikultural kagaya ng kamoteng-kahoy, pili, gabi, talong, kalabasa, patola, ampalaya, niyog, pinya, mais, patola, upo, sitaw at saging pati na ang mga alagain nilang tilapya at manok. Isinagawa rin dito ang isang *quiz bee* ukol sa mga gawaing pang-agrikultural.

Ang San Vicente ang tinanghal na Pinaka -*Municipality* dahil nakuha nito ang pinakamataas na puntos mula sa 15 produktong agrikultural nito maliban pa sa pangunguna nito sa *quiz bee*. Naiuwi ng San Vicente ang unang puwesto sa mga kategoryang *biggest cassava*; *pineapple; patola*, at *biggest tilapia*; pangalawang puwesto sa *biggest* gabi; *eggplant*; *coconut*, at *biggest chicken*, at pangatlo sa kategoryang *biggest pili*; *squash*, at *biggest corn*. Ang San Vicente rin ay nanalo bilang *Best Municipality-First to Arrive*.

Nasungkit ng Talisay ang ikalawang puwesto bilang Pinaka-Municipality; Basud – 3rd *place*; Daet – *4th place*, at Vinzons – *5th place* habang nakuha ng Labo ang unang puwesto sa kategoryang *biggest eggplant* at *biggest banana*, at ang San Lorenzo Ruiz para sa *biggest* upo.

Sa naturang programa ay nanumpa sa tungkulin ang mga bagong halal na opisyal ng *Camarines Norte Provincial Federation of Farmers Assn., P4MP, Inc.*.

Sa *forum proper*, ang *Salient Features of Organic Agriculture Act* ay tinalakay ni Ms. Adelina A. Losa, *Chief AMAD/ Regional Focal Person Organic Agriculture-AD RFU5*; *Organic Farming*-Ms. Marilyn C. Puatu, *Provincial Focal Person-Organic Agriculture*, at *Info Dissemination on National Year of Rice 2013-Prof.* Bartolome S. Pagares, *Project Manager, Rice Production, CNSC Labo Campus*.

Nagbigay ng mensahe si Bokal Romeo R. Marmol, *Chairman*, *Committee on Agriculture* na pinangunahan din ang paggawad ng papremyo sa mga nanalo sa Pinaka-*Contest* katuwang si *Acting Provincial Agriculturist* Francia G. Pajares, para sa *Quiz Bee* ay si Ms. Ligaya C. Tria, *Regional P4MP Coordinator*, *DA*, at si Dr. Helen B. Abordo naman para sa *Best Municipality-1st to Arrive Delegation*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Balitang AGRIKULTURA

## Paklase sa Pinya

Idaraos NOONG Oktubre 15 sa *Little Theater* ng Kapitolyo Probinsyal ang programa para sa pagtatapos ng 63 magsasaka na kumuha ng *Farmers Field School (FFS) on Pineapple*.

Sa naturang bilang, 37 indibidwal mula sa Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz at 26 mula sa Brgy. Matnog, Basud na pawang magsasaka ng pinya ang kumuha ng impormal na kursong nakapokus sa *Technology on Pineapple Production Technology and Hands-On*.

Sa loob ng 16-linggo, kalahating araw bawat linggo ay isinasagawa ang pagsasanay sa 37 magsasaka sa Brgy. Matacong, San Lorenzo Ruiz tuwing Biyernes; at Huwebes naman Brgy.Matnog,Basud.

Nagsilbing facilitators sa naturang gawain sina *Provincial Pineapple Coordinator* Marilyn C. Dasallas at *HVCDP Coordinator* Manuel del Rosario ng OPAg kasama sina *AT* Fidel Octa ng *LGU* Basud, at G. Inocencio Obrero, *Pineapple Researcher*, *Department of Agriculture-Regional Field Unit 5 (DA -RFU 5)*.

Ang *FSS on Pineapple* na ipinatupad ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* sa ilalim ng *Pineapple Development Program* ng pamahalaang panlalawigan ay pinunduhan ng *Agricultural Training Institute-Regional Training Center 5*. **LORENA DELA TORRE-IBASCO**

Muling tinanghal sa pangalawang pagkakataon bilang Most Child-Friendly Barangay ang Barangay V ng bayan ng Daet sa buong lalawigan na tumanggap ng plake at cash na P100,000.00 mula sa Pamahalaang Panlalawigan. Pumangalawa dito ang Barangay San Antonio, Labo na tumanggap ng P50,000.00 cash at plake at pumangatlo ang Barangay Kabuluan, Sta. Elena na may premyong P30,000.00 cash at plake. Ang ikaapat na pwesto ay nakuha naman ng Barangay Salvacion, Jose Panganiban na may premyong P20,000.00 at panglima ang Barangay San Ramon, San Lorenzo Ruiz na may P10,000.00 at parehong may plake. Ang Barangay II ng bayan ng Vinzons at Barangay Batobalani, Paracale ay pareho namang tumanggap ng P5,000.00 at certificate of recognition.

Binigyan din ng P5,000.00 cash ang mga sumusunod na barangay para sa iba't certificate of citation kagaya ng *Implementation of Innovative Child Protection Programs and Practices* na napunta sa Barangay Salvacion, Jose Panganiban; *Keeping*

(Sundan sa pahina 5)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# MOST CHILD FRIENDLY BRGYS P100L pabuya mula sa PGCN



***Ang opisyales ng Barangay V Daet sa pamumuno ni Punong Barangay Augusto Magana kasama si ARD Armea at Arch Madonna Abular sa kanilang pagtanggap ng tropeo at tseke bilang MOST CHILD FRIENDLY BARANGAY NG CAMARINES NORTE.***

# Feeding Program

Isinagawa kamakailan ni DSWD Regional Director Remegia Tapispisan at Gob. Edgardo A. Tallado sa kapitolyo ang pamamahagi ng tseke sa limang bayan para sa patuloy na implementasyon ng supplemental feeding program (SFP) sa lalawigan ng Camarines Norte.

Tinanggap ng mga lokal na pamahalaan ng mga sumusunod na bayan ang kani-kaniyang pondo para sa kaukulang bilang ng kabataan na benepisaryo ng SFP: Daet - P2.3 M para sa 1,599 bata; Labo -P3.8M para sa 2,433 bata; Mercedes - P2.6M para sa 1,698 bata, San Vicente - P477,360.00 para sa 306 bataVinzons - P2,1M para sa for 1,348 bata.

Kasabay sa pamamahagi ng pondo na ginanap sa Tanggapan ni Gob. Tallado ay nilagdaan din nila ni RD Tapispisan ang Memorandum of Agreement kaugnay sa implementasyon ng SFP sa lalawigan. Tungkulin ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) na subaybayan ang maayos na implementasyon ng programa sa lalawigan at magdagdag pa ng tulong pondo kung kinakailangan. Ang paglilista ng mga benepisaryo at im-

(Sundan sa pahina 6)







Iniaabot ni Gob. Tallado, DSWD Reg'l. Dir Remegia Tapispisan at Acting PSWDO Cynthia R. Dela Cruz ang tseke para sa feeding program *(mula sa itaas)* ng bayan ng Labo - Asst. Municipal Treasurer Edgar Pallado at Mayor Dindo Pardo;
Mercedes—MSWDO Teresita dela Cruz at Municipal Administrator Zenaida Tang;
Daet - MSWDO Nora Miraflores, Konsehal Rosa Mia King at Konsehal Atoy Moreno

# National Correctional Consciousness Month



Iginawad ng Panlalawigang Piitan ang dibuho ang larawan ni Most Rev. Gilbert A. Garcera, D.D. Bishop ng Daet na gawa ng dalawang detinado na yari sa pagsunog at uling. Mula sa kanan, inmates Jozel Lunario & Dino Malonzo, Rev. Fr. Fidel S. Era , Jr. Prison Pastoral Care- Chairman, Most Rev. Gilbert Armea- Garcera, D.D. Bishop ng Daet, at Reynaldo N. Pajarillo, Acting Provincial Jail Warden).

Isang misa ang idinaos noong, Oktubre 3, ni Mons. Gilbert Garcera, sa Provincial Jail sa pagsisimula ng National Correctional Consciousness Month ngayong Oktubre, kasabay na rin ng Family Day upang makasama ng mga bilanggo ang kanilang mga pamilya sa loob ng dalawang araw.

Sa loob ng isangbuwan ay dumalaw ang mga sumusunod na paaralan at samahan sa panlalawigang piitan: Camarines Norte State College, Our Lady of Lourdes College Foundation (Criminology Department), Mabini Colleges (Nursing & Midwifery Department, Mabini Colleges (Nursing & Midwifery Department), Camarines Norte School of Law (Criminology Department), St. Francis Parochial School at La Consolacion College of Daet.

Isang Fashion and Variety Show for a Cause ang isinagawa din noong Oktubre 15, 2012 sa Camarines Norte

(Sundan sa pahina 5)